4

# ARALING PANLIPUNAN

## 3 Markahan – Linggo 1-4



SCHOOLS DIVISION OF DINAGAT ISLANDS

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan 4**
**Ikatlong Kwarter – Mga Gawain sa Pagkatuto**
**Unang Set**
**Unang Edisyon, 2020**

**Republic Act 8293**, **section 176** states that: No copyright shall subsist in any work of the Government of the Philippines. However, prior approval of the government agency or office wherein the work is created shall be necessary for exploitation of such work for profit. Such agency or office may, among other things, impose as a condition the payment of royalties.

Borrowed materials (i.e., songs, stories, poems, pictures, photos, brand names, trademarks, etc.) included in this book are owned by their respective copyright holders. Every effort has been exerted to locate and seek permission to use these materials from their respective copyright owners. The publisher and authors do not represent nor claim ownership over them.

Published by Schools Division of Dinagat Islands

**Development Team of the Learning Activity Sheets**

**Writer:** Marisol G. Manitas, Suzette E. Bandoy

**Editor:** Christopher D. Balatero

**Layout Artist:** Kevin L. Madera

**Management Team:**

| | |
|---|---|
| Schools Division Superintendent | FELISA G. LARANJO, PhD, CESO VI |
| OIC, Assistant Schools Division Superintendent | LEONEVEE V. SILVOSA, PhD |
| Chief Education Supervisor, SGOD | MILA O. GERALDINO, PhD |
| Chief Education Supervisor, CID | LOPE C. PAPELERAS, PhD |
| Education Program Supervisor, Aral.Pan. | JUAN JR L. ESPINA |
| Education Program Supervisor, LRMS | MICHAEL C. PASO, PhD |
| Project Development Officer II | MARK LORENZ C. LUIB |
| SDO Librarian II | NARMIE S. NAVAS |

**Printed in the Philippines by** ______________________________

Department of Education – Learning Resource Management Section
Office Address: White Beach, Dinagat, Dinagat Islands
E-mail Address: lrms.dinagatislands.caraga@deped.gov.ph
Telephone no.: ______________________

| Linggo 1 | **Kahulugan at Kahalagahan ng Pamahalaan** |
|---|---|



## *Panimula*

Ang Pilyego ng mga Gawaing Pampagkatuto (**Learning Activity Sheets** ) ay dinisenyo at isinulat para sa batang katulad mo na nasa Ika-apat na baitang upang matatalakay ang kahulugan at kahalagahan ng pamahalaan. Ang mga gawaing matatagpuan dito ay inaasahang makatulong sa iyo upang maging gabay sa mga dapat gawin bilang kasapi ng pamahalaan.

Ang Pilyego ng mga Gawaing Pampagkatuto ay naglalaman tungkol sa:

**Aralin 1: Kahulugan at Kahalagahan ng Pamahalaan**

Pagkatapos ng mga gawaing ito, ikaw ay inaasahang:

1. natatalakay ang kahulugan at kahalagahan ng pamahalaan;
    - 1.1 natutukoy ang kahulugan ng pambansang pamahalaan;
    - 1.2 natatalakay ang kahalagahan ng pambansang pamahalaan;
    - 1.3 natatalakay ang mga kapangyarihan ng tatlong sangay ng pamahalaan.



## *Paunang Pagtataya*

**Panuto**: Basahin at unawain ang bawat pangungusap. Piliin at bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Ano ang tawag sa isang samahan o organisasyong politikal na itinataguyod ng mga grupo ng tao na naglalayong magtatag ng kaayusan at magpanatili ng isang sibilisadong lipunan?
   A. batas  B. hukuman  C. pamahalaan  D. sangay

2. Tungkulin ba ng pambansang pamahalaan na tiyaking maunlad ang ekonomiya ng bansa at mapangangasiwaan nang maayos ang pambansang badyet?
   A. hindi po
   B. haka-haka lamang
   C. Opo, tungkulin ng pambansang pamahalaan.
   D. walang tamang sagot

3. Hindi saklaw ng pamahalaan ang mga Pilipino na nangingibang-bansa na mapangangalagaan ang kaligtasan at kapakanan nito laban sa mga mapansamantalang amo na kanilang pinagsisilbihan.
   A. di-kapani-paniwala  C. mali
   B. hindi segurado  D. tama

4. Bakit mahalaga ang pamahalaan sa mga mamamayan?
   A. Dahil ito ay palaging nagbibigay ng pera sa mga tao.
   B. Dahil dito kumukuha ng lakas ang mga tao.
   C. Dahil ito ang namumuno sa pagpapatupad ng mga programa para sa nasasakupan.

D. Wala sa nabanggit ang tamang sagot.

5. Alin ang serbisyong ibinibigay ng pamahalaan?

A. Pangangalaga sa kalusugan
B. Pangkabuhayan
C. Pangkultura at edukasyon
D. Lahat ng nabanggit

## *Pag-aralan*




**Palasyo ng Malacañang**

Ang pamahalaan ay isang samahan o organisasyong politikal na itinataguyod ng mga grupo ng tao na naglalayong magtatag ng kaayusan at magpanatili ng isang sibilisadong lipunan. Ang pamahalaan ng Pilipinas, na siya ring pambansang pamahalaan, ay isang uri o sistemang presidensiyal at demokratiko. Pinamumunuan at pinamamahalaan ito ng isang Pangulo na siyang puno ng bansa, katuwang ang pangalawang pangulo.

Ang pamahalaan ay may tatlong magkakaugnay na mga sangay: ang tagapagbatas, tagapagpaganap, at tagapaghukom. Tinatawag din ang mga sangay na ito na lehislatibo, ehekutibo, at hudikatura.

May kani-kaniyang kapangyarihan ang bawat sangay na nakapaloob sa Saligang Batas ng Pilipinas. Ang sangay na tagapagbatas ay nasa kapangyarihan ng Kongreso. Binubuo ito ng dalawang kapulungan: ang Mataas na Kapulungan o Senado at ang Mababang Kapulungan o Lupon ng mga Kinatawan.

Ang Kapangyarihan ng sangay na tagapagpaganap ay nasa pamumunong Pangulo samantalang ang sangay na tagapaghukom ay nasa mga hukuman. Nasa ilalim ng pangangasiwa ng Kataas-taasang Hukuman ang mabababang hukuman.

**Sangay na Tagapagbatas**

Ang Sangay na Tagapagbatas o ang Kongreso ang gumagawa ng mga batas ng bansa. May dalawang kapulungan ang sangay na tagapagbatas: ang mataas na kapulungan at ang mababang kapulungan. Ang Senado ay ang mataas na kapulungan at ang Kapulungan ng mga Kinatawan ay ang mababang kapulungan.

Bukod sa paggawa ng mga batas, nakasalalay rin sa Kongreso ang pagsasagawa ng mga imbestigasyon at pananaliksik para makatulong sa kanilang mga gagawing batas. Ito rin ang nagsasaysay na ang bansa ay nasa estado ng pakikipagdigmaan. Sa ganitong kalagayan, maaaring pagkalooban ng Kongreso ang Pangulo ng Kapangyarihan para maisakatuparan ang mga pambansang patakaran. Ang Pambansang badyet ay dumadaan din sa pagsusuri ng sangay na tagapagbatas.

Ang mga kapulungan ng sangay na tagapagbatas ay may mga espesyal na kapangyarihan. Halimbawa, ang pagpapatibay

ng mga kasunduan ng Pilipinas sa ibang bansa ay isang kapangyarihan ng Senado at ang pagsasampa naman ng kasong impeachment o pagkatanggal sa puwesto ng mataas na opisyal ay kapangyarihan ng Kapulungan ng mga Kinatawan.

**Sangay na Tagapagpaganap**

Ang Sangay na Tagapagpaganap ang tumitiyak na ang mga batas na ginawa ng Kongreso ay naipatutupad upang mapangalagaan ang kapakanan ng mga mamamayan. Pinamumunuan ng Pangulo ang sangay na ito. Kaagapay niya sa pagpapatupad ng mga batas ang Gabinete na binubuo ng mga Kalihim ng iba't ibang ahensiya. Batay sa Konstitusyon, ang Pangulo, alinsunod sa pagsang-ayon ng Komisyon sa Paghirang, ang may kapangyarihang humirang ng mga puno ng mga kagawaran, embahador, konsul, may ranggong kolonel sa sandatahang lakas, at iba pang mga opisyal ayon sa isinasaad sa Konstitusyon. Bilang punong komander ng sandatahang lakas ng bansa, maaaring iatas ng Pangulo ang pagsupil sa anumang karahasan, pananalakay, o paghihimagsik; at isailalim ang bansa sa batas militar.

Taglay rin ng Pangulo ang veto power o ang kapangyarihang tanggihan ang isang panukalang batas na ipinasa ng Kongreso. Siya rin ang pumipili ng punong mahistrado ng Korte Suprema, gayundin sa mababababang hukuman, mula sa talaan ng Judicial Bar Council.

**Sangay na Tagapaghukom**

Ang Sangay na Tagapaghukom ang sangay na nagbibigay ng interpretasyon ng batas. Ang kapangyarihang panghukuman ay nasa ilalim ng Kataas-taasang Hukuman o Korte Suprema at

mababababang hukuman. Sa Korte Suprema dumudulog ang sinumang tao na hindi sumasang-ayon sa anumang desisyon ng mababababang hukuman, maging ang dalawang sangay ng pamahalaan kung may tanong tungkol sa legalidad ng batas.


Mahalaga para sa isang bansa ang isang pambansang pamahalaan dahil ito ang nangunguna sa pagbabalangkas ng pamamaraan ng pamamalakad at pamamahala sa bansa. Gayundin, ito ang namumuno sa pagpapatupad ng mga programa at proyekto para sa mga nasasakupan nito. Bumubuo ang pamahalaan ng mga programa sa iba-ibang larangan na karaniwang nababatay sa mga pangunahing pangangailangan ng mga mamamayan. Ang pambansang pamahalaan din ang tumitiyak na maunlad ang ekonomiya ng bansa. Kung kaya, ang pamahalaan din ang nangangasiwa sa pambansang badyet.

Tinitiyak din ng pambansang pamahalaan na ang karapatan ng mga mamamayan ay napangangalagaan sa pamamagitan ng pagkakaloob ng mga serbisyong pangkabuhayan, pangkalusugan, pangkultura, pansibil, at pampolitika. Kahit nasa labas ng bansa ang isang mamamayang Pilipino, may mga kaparaanan ang pamahalaan upang tiyakin ang kanilang kaligtasan laban sa pananamantala.

## *Mga Gawaing Pampagkatuto*

**Gawain 1.**

**Panuto:** Tingnan ang dayagram. Isulat sa loob ng kahon ang kahalagahan ng pambansang pamahalaan.




**Gawain 2:**

**Panuto:** Sagutin ang sumusunod na mga tanong.

1. Buuin ang kahulugan ng pamahalaan. Isulat sa patlang ang tamang salita na nawawala upang maibigay ang tunay na kahulugan nito.

Ang______________ isang samahan o __________________________ na itinataguyod ng mga grupo ng _______ na naglalayong magtatag ng ______________ at magpanatili ng isang _______________ lipunan.

2. Ibigay ang tatlong sangay ng pamahalaan.

a.________________________________________

b.________________________________________

c.________________________________________

3. Mula sa ikalawang bilang, isulat ang mga kapangyarihan ng tatlong sangay ng pamahalaan.

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

__________________________________________________________.



## ***Paglalahat / Repleksyon***

Gawain: Basahin at unawain ang mga tanong sa bawat bilang. Ang iyong sagot ay naaayon sa iyong natutunan sa araling ito.

Natuklasan ko…

**3** — 3 bagay na nakita

1. ______________________________
   ______________________________
2. ______________________________
   ______________________________
3. ______________________________
   ______________________________

**2** — 2 intere-sadong bagay na natutunan


Natutunan ko ang…

1. ______________________________
2. ______________________________

**1** — 1 bagay na nalilito ako.

Kailangang matuto pa ako…

1. ______________________________



## *Panapos na Pagtataya*

**Panuto**: Basahin at unawain ang bawat tanong. Piliin at bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Ano ang hindi dapat gawin upang umunlad ang ating bansa?

   A. maging masinop  
   B. maging masipag  
   C. maging matipid  
   D. maging palaasa

2. Pinamumunuan ba ng Gabinete ng bansa ang sangay na tagapagpaganap?

   A. baka nga  
   B. hindi  
   C. tama  
   D. walang tamang sagot

3. Anong sangay ang nagbibigay-kahulugan sa mga batas ng bansa?

   A.Kagawaran ng Edukasyon  
   B. Tagapagbatas  
   C. Tagapaghukom  
   D. Tagapagpaganap

4. Opisyal na tanggapan kung saan makikita ang pinakamataas na pinuno o ang pangulo ng Pilipinas.

   A. Kongreso  
   B. Lalawigan  
   C. munisipyo  
   D. Palasyo ng Malacañang

5. Sino ang nangunguna sa pagbabalangkas ng pamamaraan ng pamamalakad at pamamahala sa bansa?

   A. Ehekutibo  
   B. Hudikatura  
   C. Lehislatibo  
   D. Pambansang Pamahalaan

6. Tama ba na ang sangay na tagapagbatas ay ang kongreso ng ating bansa na siyang gumagawa ng mga batas na may dalawang kapulungan ang mataas na kapulungan at mababang kapulungan?

A. mali
C. Walang saysay
B. tama
D. walang tamang sagot

7. Bakit tayo may Hukbong Sandatahan ng Pilipinas?
   A. Upang mangalaga sa mga nagbebenta ng bawal na druga.
   B. Upang mapangalagaan ang kaayusan at katahimikan ng buong bansa.
   C. Upang mangalaga sa kalusugan ng mga tao.
   D. Upang mangalaga sa transportasyon ng bansa.

8. Ano ang kahalagahan ng pamahalaan sa isang bansa?
   A. nagsisilbing tagapayo ng mga mamamayan
   B. nagsisilbing gabay ng mga makadiyos na mga mamamayan
   C. nagsisilbing tagapangalaga at tagapangasiwa ng mga kagalingan ng mga mamamayan
   D. nagsisilbing tagasunod sa lahat ng kagustuhan ng mga Mamamayan

9. Bakit may ugnayang diplomatiko tayo sa ibang bansa?
   A. Upang masira ang kabuhayan ng bansa.
   B. Upang magulo ang kabuhayan ng bansa.
   C. Upang mapabuti ang kabuhayan ng bansa.
   D. Upang mapahina ang ekonomiya ng bansa.

10. Bakit kailangang ipatupad ng pamahalaan ang mga batas sa paggawa?
    A. Upang maging magulo ang mga tao.
    B. Upang maging tamad ang mga tao.
    C. Upang magtatalo ang mga tao.
    D. Upang mapangalagaan ang mga karapatan ng mga tao.

**Linggo 2-3**

# Balangkas o Istruktura ng Pamahalaan ng Pilipinas



## *Panimula*


Ang Pilyego ng mga Gawaing Pampagkatuto (**Learning Activity Sheets**) ay dinisenyo at isinulat para sa batang katulad mo na nasa ika-apat na baitang upang masusuri ang balangkas o istruktura ng pamahalaan ng Pilipinas. Ang mga gawaing matatagpuan dito ay inaasahang makatutulong sa iyo upang mabibigyang-katuwiran natin ang mga aksiyon na ginagawa ng mga namumuno sa pagtugon sa mga pangangailangan ng mamamayan.

Ang Pilyego ng mga Gawaing Pampagkatuto ay naglalaman tungkol sa:

**Aralin 2: Balangkas o Istruktura ng Pamahalaan ng Pilipinas**


Pagkatapos ng mga gawaing ito, ikaw ay inaasahang:

1. Masusuri ang balangkas o istruktura ng pamahalaan ng Pilipinas.



## ***Paunang Pagtataya***

**A. Panuto:** Buuin ang crossword puzzle. Pumili ng tamang salita sa loob ng kahon at ilalagay sa bawat kahon na may pahalang at pababa na tumutugon sa tamang sagot ng bawat tanong.




| | | |
|---|---|---|
| GOBERNADOR | PUNONG BARANGAY | |
| MAMAMAYAN | ALKALDE | MUNISIPYO |

Mga Tanong:

**Pahalang:**

1. Namumuno sa barangay.
2. Namumuno sa bayan/munisipyo.
3. Kasapi ng isang pamayanan.

**Pababa:**

4. Lugar kung saan doon ginagawa ng pinunong alkalde mayor ang kanyang mga gawain para sa bayan.
5. Namumuno sa isang lalawigan.



# Pag-aralan

Ayon sa Saligang-Batas, ang ating bansa ay may Presidensiyal na uri ng pamahalaan. Ito ay binubuo ng tatlong sangay: Sangay na Tagapagpaganap o Ehekutibo, Sangay na Tagapagbatas o Lehislatibo, at Sangay na Tagapaghukom o Hudikatura.

Ang pinakamataas na pinuno ng sangay ehekutibo sa Pilipinas ay ang pangulo. Ang sangay na ito ay binubuo ng Pangulo, Pangalawang Pangulo, at gabinete ng bansa. Ang gabinete ay bibubuo ng iba't ibang ahensiya o kagawaran. Ang bawat kagawaran ay pinamumunuan ng isang Kalihim na katulong ng Pangulo sa pagpapatupad ng mga pambansang programa at proyekto. Narito ang mga kagawaran ng pamahalaan.

**Kagawaran ng Agrikultura** *(Department of Agriculture, DA)* – Ito ang nangangasiwa sa mga usapin at programa hinggil sa agrikultura ng bansa.

**Kagawaran ng Edukasyon** *(Department of Education, DepEd)* – Ito ang nangangasiwa at nagpapatupad ng mga programa sa edukasyon sa bansa maging publiko man o pribadong paaralan.

**Kagawaran ng Paggawa at Empleyo** *(Department of Labor and Employment, DOLE)* – Tungkulin ng kagawarang ito na pangalagaan ang kapakanan ng mga manggagawa sa loob o

labas man ng bansa. Gayundin ang pagpapatupad ng mga batas sa paggawa.

**Kagawaran ng Pananalapi** *(Department of Finance, DOF)* – Ito ang nangangasiwa sa mga usaping may kinalaman sa pananalapi ng bansa.

**Kagawaran ng Katarungan** *(Department of Justice, DOJ)* – Ito ang nangangasiwa sa mga usaping may kaugnayan sa hustisya gaya ng pagkakaloob ng payong legal sa mga usapin sa pamahalaan, at pagkakaloob ng parole o ang pansamantala o lubos na paglaya ng isang bilanggo.

**Kagawaran ng Ugnayang Panlabas** *(Department of Foreign Affairs, DFA)* – Lahat ng mga usapin sa ugnayang panlabas ng bansa maging ang kapakanan ng mga mamamayang Pilipino sa labas ng bansa ay pinangangasiwaan ng kagawarang ito.

**Kagawaran ng Pagawaing Pambayan at Lansangan** *(Department of Public Works and Highways, DPWH)* – Ito ang nangangasiwa sa mga programang imprastruktura tulad ng mga gusali, daan, at tulay.

**Kagawaran ng Tanggulang Pambansa** *(Department of National Defense, DND)* – Ito ang naatasang manguna sa pangangasiwa at pangangalaga sa seguridad ng bansa.

**Kagawaran ng Kalusugan** *(Department of Health, DOH)* – Ang ahensiyang ito ang nangunguna sa pangangalaga sa kapakanang pangkalusugan ng mga mamamayan ng bansa.

**Kagawaran ng Industriya at Kalakalan** *(Department of Trade and Industry, DTI)* – Ang mga usapin hinggil sa pagpapaunlad ng kalakalan at industriya ng bansa ay pinamumunuan ng

ahensiyang ito. Maging ang pagtiyak sa tamang presyo ng mga bilihin ay pinangangasiwaan nito.

**Kagawaran ng Panlipunang Paglilingkod at Pagpapaunlad** *(Department of Social Welfare and Development, DSWD)* – Ang ahensiyang ito ang nangangasiwa at nagkakaloob ng iba't ibang serbisyong panlipunan lalo na sa mga kapuspalad na mamamayan.

**Kagawaran ng Repormang Pansakahan** *(Department of Agricultural Reform, DAR)* – Ipinatutupad ng ahensiyang ito ang mga programa ng pamahalaan tungkol sa mga repormang agraryo.

**Kagawaran ng Likas na Yaman at Kapaligiran** *(Department of Environment and Natural Resources, DENR)* – Kabilang sa mga gawain ng ahensiyang ito ang pagtiyak na napangangalagaan ang mga likas na yaman ng bansa.

**Kagawaran ng Interyor at Lokal na Pamahalaan** *(Department of Interior and Local Government, DILG)* – Ang ahensiyang ito ang namamahala sa mga usaping may kinalaman sa mga lokal na pamahalaan.

**Kagawaran ng Turismo** *(Department of Tourism, DOT)* – Ito ang ahensiyang nangangasiwa sa mga usapin kaugnay ng turismo o pagpapakilala tungkol sa Pilipinas sa loob at labas mam ng bansa.

**Kagawaran ng Transportasyon at Komunikasyon** *(Department of Transportation and Communication, DOTC)* – Pinagtutuunan ng ahensiyang ito ang pagpapaunlad ng sistema ng transportasyon at komunikasyon sa bansa. Ito ang nangangasiwa sa pagkakaloob ng prangkisa sa mga komunikasyon at

telekomunikasyon gayundin ng mga kagamitan na may kaugnayan dito.

**Kagawaran ng Enerhiya** *(Department of Energy, DOE)* – Ito ang kagawaran na nangangasiwa sa tiyak na pagkakaroon ng sapat na tustos ng koryente sa bansa. Minamatyagan din nito ang presyo ng langis sa pandaigdigang pamilihan.

**Kagawaran ng Badyet at Pamamahala** *(Department of Budget and Management, DBM)* – Ang pamamahala sa tamang paggastos ng pamahalaan sa kaban nito ang pangunahing gawain ng ahensiyang ito. Nababatay ang gawaing ito sa batas sa pambansang gastusin ng pamahalaan o ang General Appropriations Act.

Ang pamahalaan ng Pilipinas ay maaaring hatiin ayon sa kung gaano kalawak ang sakop ng pangasiwaan ng mga namumuno. Kung ang sakop nito ay mga lalawigan, lungsod, bayan, at barangay ito ay nasa antas na lokal na pamahalaan.

**Sangay na Tagapagbatas**

May dalawang kapulungan ang sangay na tagapagbatas ng bansa. Ito ang Senado at Kapulungan ng mga Kinatawan. Binubuo ang Senado ng 24 na senador. Kalahati sa mga ito at tuwirang inihahalal tuwing ikatlong taon at manunungkulan sa loob ng anim na taon. Dalawang beses lamang sila maaaring maihalal. Pinamumunuan ang Senado ng Pangulo ng Senado na kadalasang nanggagaling sa mayorya o partido ng nakararaming miyembro sa Senado.

Ang Kapulungan ng mga Kinatawan ay binubuo naman ng mga kinatawan ng mga distrito sa buong bansa at ng mga miyembro ng *partylist* ng iba't ibang sektor. Maninilbihan sila sa

distritong kanilang kinabibilangan sa loob ng tatlong taon, at maaari silang mahalal muli sa ikalawang pagkakataon. Ang mga kinatawan ay pinamumunuan ng isang Ispiker na inihalal din ng mga kinatawan.

**Sangay na Tagapaghukom**

Ang sangay na tagapaghukom ay pinamumunuan ng Korte Suprema o Kataas-taasang Hukuman. Binubuo ito ng isang Punong Mahistrado at 14 na katulong na mahistrado. Maaaring manungkulan ang mga mahistrado hanggang sumapit sila sa gulang na 70. Ang Court of Appeals o Sandiganbayan ay isang espesyal na hukuman para sa mga opisyal ng pamahalaan na may kaso ng korapsyon.

Ang pamahalaang lokal ayon sa itinatadhana ng Batas Republika Blg. 7160 ay binubuo ng mga lalawigan, lungsod, bayan, at barangay. Ang mga lalawigan ay nasa ilalim ng pamumuno ng gobernador katulong ang bise gobernador na inihalal ng mga tao at ilang opisyal na hinirang ng gobernador ayon sa itinatadhana ng serbisyo sibil.

Ang alkalde at bise alkalde ang namumuno sa lungsod o bayan na direktang inihalal ng mga nasasakupang lungsod o bayan. Inihahalal sila tuwing ikatlong taon at maaaring manungkulan hanggang tatlong termino at katulong ang mga empleyado na hinirang ng alkalde. Ang barangay ay nasa pamumuno ng kapitan ng barangay.

Ang sangguniang panlalawigan, sangguniang panlungsod, sangguniang pambayan, at sangguniang pambarangay ay mga sangay na lehislatibo sa lokal na antas ng pamahalaan. Gawain ng mga ito ang pagbuo ng mga ordinansa para sa nasasakupan.

Ang Pangulo ang may pangkalahatang pangangasiwa sa mga pamahalaang lokal sa pamamagitan ng Kagawaran ng Interyor at Lokal na Pamahalaan o Department of Interior and Local Government (DILG).

Ang isang lugar para maging lalawigan ay kailangang may sukat na 2000 kilometro kuwadrado o higit pa, may di kukulangin 250 000 bilang ng mamamayan na naninirahan dito, at may kakayahang kumita ng hindi bababa sa 20 milyong piso bawat taon.

Para maging lungsod, ang isang lugar ay dapat na may sukat ng lupa na aabot o higit pa sa 100 kilometro kuwadrado, may 150 000 bilang ng taong naninirahan, at taunang kita na di bababa sa 20 milyong piso.

Ang hinihingi namang pamantayan para maging isang bayan ay sukat ng lupa na may 50 kilometro kuwadrado, 25 000 bilang ng taong naninirahan sa lugar, at taunang kita na 2.5 milyong piso.

Ang mga lalawigan, lungsod, at bayan ay hindi maaaring baguhin kung walang batas na pinagtibay para dito. Kailangan din itong may pagsang-ayon ng mga mamamayan sa pamamagitan ng isang halalan.

Sa paglikha naman ng barangay, ang sangguniang panlalawigan ang nagpapasa ng ordinansa para dito.

## *Mga Gawaing Pampagkatuto*

**Gawain 1**

**Panuto:** Tukuyin ang namumuno sa sumusunod. Isulat ang sagot sa patlang ng bawat bilang.

1. Lungsod o bayan ____________________________
2. Korte Suprema______________________________
3. Senado ___________________________________
4. Kapulungan ng mga Kinatawan__________________
5. Sangay na Tagapagpaganap ____________________

**Gawain 2**

**Panuto:** Dugtungan ang pangungusap upang mabuo ang pahayag na nagsasabi ng sangay o tanggapan na pinamumunuan ng sumusunod.

**1.** Ang pangulo ay ______________________________

2. Ang Punong Mahistrado ay ______________________

3. Ang Pangulo ng Senado ay ______________________

4. Ang Kapulungan ng mga Kinatawan ay

   ______________________________________________

5. Ang Pangulo ay humihirang ng

   ______________________________________________

**Gawain 3**

**Panuto:** Punan ang tsart ng pangalan ng mga kasalukuyang namumuno sa ating bansa.

| Namumuno sa Bansa | Mga Kasalukuyang Pinuno |
|---|---|
| 1. Pangulo | |
| 2. Pangalawang Pangulo | |
| 3. Pangulo ng Senado | |
| 4. Ispiker sa Mababang Kapulungan | |
| 5. Punong Mahistrado | |

**Gawain 4**

**Panuto:** Hanapin sa hanay B ang taong inilalarawan sa hanay A

| A | B |
|---|---|
| ____1. Pinuno sa kapulungan ng mga kinatawan | A. Sangguniang Pambayan |
| ____2. Hinirang ng pangulo mula sa Listahan ng Judicial Bar Council | B. Pangulo |
| ____3. Puno ng estado | C. Ispiker |
| ____4. Maaaring pumalit sa pangulo | D. Mga Mahistrado |
| ____5.Lehislatibong sangay sa bayan | E. Pangalawang pangulo |

**Gawain 5**

**Panuto:** Punan ng mga pangalan ng mga kasalukuyang namumuno sa politikal na yunit ang balangkas ng pamahalaang lokal na pinamumunuan ng punong barangay sa lugar na iyong nasasakupan. Isulat sa loob ng kahon ang mga kasagutan na tumutugon sa isinasaad na antas.

Punong Barangay

Sangguniang Pambarangay

1.

2.

3.

4.


5.

6.

7.

| Rubrik sa Pag-iskor sa Sagot ng Tanong Gawain 5 | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **Pamantayan** | **Napakahusay 8 puntos** | **Mahusay 6 puntos** | **Nalilinang 4 puntos** | **Nagsi-simula 2 puntos** |
| Nilalaman | Kumpleto at . wasto ang lahat ng impormasyon . | Ang dalawang impormasyon ay hindi tama. | Apat na impormasyon ay hindi tama. | May dalawang tamang sagot lamang. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Baybay, Pagsulat sa malaking titik, tamang pagkakasulat. | Malinaw, maayos at tama ang baybay ng mga salita, may malaking titik, at wasto ang pagkakasulat. | Tama ang baybay ng mga salita, may malaking titik, ngunit hindi maayos ang pagkakasulat. | May kaunting kamalian sa baybay at pagsulat ng mga pangalan. | Maraming hindi wastong pagbabaybay, malaking titik, at hindi maayos ang pagkakasulat. |



## *Paglalahat / Repleksyon*

Gawain: Basahin at unawain ang mga tanong sa bawat bilang. Ang iyong sagot ay naaayon sa iyong natutunan sa araling ito.

Natuklasan ko...

3 — 3 bagay na nakita

1.______________________________
2.______________________________
3.______________________________


2 — 2 interesadong bagay na natutunan

Natutunan ko ang...

1.______________________________
2.______________________________

1 — 1 bagay na nalilito ako.

Kailangang matuto pa ako...
1.______________________________



## *Panapos na Pagtataya*

**Panuto :** Basahin at unawain ang bawat tanong. Piliin at bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Ilang kapulungan ang bumubuo sa kongreso?
   A. isa B. dalawa C. tatlo D. apat

2. Ano ang bumubuo sa mataas na kapulungan?
   A. Mahistrado C. Senado
   B.Pangulo D. kapulungan ng mga kinatawan

3. Ilang senador ang bumubuo sa Senado?
   A. 12 B. 15 C. 24 D. 30

4. Anong sangay ng pamahalaan ang nagpapaliwanag ng batas?
   A. Tagapagbatas C.Tagapagpaganap
   B.Tagapaghukom D.Walang tamang sagot

5. Anong ahensiya ng pamahalaan ang nangangasiwa ng kapakanang pangkalusugan ng mga mamamayan lalo na ngayon na may pandemik?
   A. Kagawaran ng Edukasyon C. Kagawaran ng Kalusugan
   B. Kagawaran ng Enerhiya D. Kagawaran ng Turismo

6. Kinakailangan ba sa panahon ngayon lalo na't may pandemik, ang pamahalaang lokal na magpapatupad ng mga lokal na ordinansa, o mga pagpapayo tungkol sa mandatory na paggamit ng face mask, kasama na ang pagpataw ng parusa sa mga hindi sumusunod na residente?
   A. hindi B. opo C. seguro nga D. walang tamang sagot
7. Ano ang pinakamaliit na politikal na yunit o pamahalaang lokal ng bansa?
   A. barangay B. bayan C. lalawigan D. Pilipinas

8. Bakit mahalaga ang barangay sa pamahalaang lokal ng bansa?
   A. Naipaparating ng Pamahalaang nasyonal ang paglilingkod nito sa mga nasasakupan at maaari rin tayong magbigay suhesyon para sa ikabubuti ng ating barangay.
   B. Para hindi na mag-alala kung may darating mang

kalamidad sa lugar  dahil kaya nitong tustusan ang lahat ng pangangailangan ng mga tao.

C. Magsilbing gabay sa paghahanapbuhay.

D. Wala sa nabanggit

9. Magkakaugnay ba ang mga sangay ng pambansang pamahalaan, ang lehislatibo, ehekutibo, at hudikatura?

A. hindi  C. seguro nga

B. tama  D.walang tamang  sagot

10. Kailan magiging lalawigan ang isang lugar?

A. Kapag ang sukat nito ay may 2000 kilometro kuwadrado o higit pa, may di kukulangin sa 250 000 bilang ng mamamayan na naninirahan dito at kumita ng hindi bababa sa 20 milyong piso bawat taon.

B. Kapag ang sukat nito ay may 2000 kilometro kuwadrado o higit pa, may di kukulangin sa 25 000 000 mamamayan at kumita ng hindi bababa sa 25 milyong piso bawat taon.

C. Kapag ang sukat nito ay may 2000 kilometro kuwadrado, 20 000 000 mamamayan at kita na aabot sa 30 milyong piso bawat taon.

D. Walang tamang sagot

| Linggo 4 | # Mga Paglilingkod at Programa ng Pamahalaan |
|---|---|



## *Panimula*

Ang Pilyego ng mga Gawaing Pampagkatuto (**Learning Activity Sheets** ) ay dinisenyo at sinulat para sa batang katulad mo na nasa Ika-apat na baitang upang matatalakay ang mga paglilingkod ng pamahalaan upang matugunan ang ang mga pangangailangan ng bawat mamamayan. Ang mga gawaing matatagpuan dito ay inaasahang makatulong sa iyo upang maging gabay sa mga gawaing paglilingkod ng pamahalaan.

Ang Pilyego ng mga Gawaing Pampagkatuto ay naglalaman tungkol sa:

**Aralin 10: Mga Paglilingkod at Programa ng Pamahalaan**

Pagkatapos ng mga gawaing ito, ikaw ay inaasahang:

1. Nasusuri ang mga paglilingkod ng pamahalaan upang matugunan ang pangangailangan ng bawat mamamayan.
2.



## *Paunang Pagtataya*

**Panuto**: Bilugan ang titik ng tamang sagot:

1.Ito’y tumutukoy sa programa ng pamahalaan sa kalusugan na sini-seguro nito na ang lahat ng mamamayan na mapagkalooban ng kalidad na pasibilidad at serbisyong pangkalusugan.

a.Complete Treatment Pack
b.Pagbabakuna
c.PhilHealth
d. Programa sa mga Ina at Kababaihan

2. Anong programa mayroon ang pamahalaan para sa mga nahintong mag-aaral?
a. Abot Alam o ALS
b.K to 12
c.IP
d. OSY

3. Kung ikaw ay nakatira sa isang barangay,saan ka pupunta upang magpagamot?
a.Albularyo
b.Barangay Health Centers
c.City Heath Centers
d.Ospital

4. Anong ahensya ang nakatalaga sa katahimikan at kapayapaan ng bansa?
a.Kagawaran ng Agrikultura
b. Kagawaran ng Edukasyon
c. Kagawaran ng Kalusugan
d. Kagawaran ng Sandatahang Lakas ng Pilipinas

5. Ito'y isang programang naglalayong makamit ng bawat mag-aaral ang mga kasanayang kailangan niya sa pag-aaral.
a.K to 10 Education Program
b. K to 11 Education Program
c.K to 12 Education Program
d. K to 13 Education Program



## *Pag-aralan*

**Mga Paglilingkod ng Pamahalaan sa Mamamayan**

Ang **Kagawaran ng Kalusugan** ang pangunahing ahensiya ng pamahalaan na namamahala sa mga serbisyong pangkalusugan para sa mga mamamayan.

• Ilan sa mga serbisyong pangkalusugan ng pamahalaan ang pagbabakuna, pagbibigay ng libreng gamot, libreng pagpapaospital, at benepisyo ng Philhealth.


• Maaaring pumunta sa mga sentrong pangkalusugan (health center) sa inyong pamayanan para sa mga pangangailangang medikal.Tungkulin ng pamahalaan na pangalagaan ang kapakanan ng mamamayan sa larangan ng edukasyon.

• May itinataguyod na mga programa sa edukasyon ang pamahalaan na naglalayong maitaguyod ang kapakanang pang-edukasyon ng mamamayan.

• Ang K–12 Basic Education Program ay isang programang naglalayong makamit ng bawat mag-aaral ang mga kasanayang kailangan niya sa pag-aaral, pagpasok sa kolehiyo, at pag-eempleyo o pagiging entreprenyur.Karapatan ng bawat Pilipino na mamuhay nang mapayapa at ligtas sa komunidad na kaniyang kinabibilangan.Tungkulin din ng bawat mamamayan na panatilihing mapayapa at ligtas ang komunidad na kaniyang kinabibilangan.

• May mga ahensiya ng pamahalaan na tumutulong sa pagpapanatili ng kaligtasan, katahimikan, at kaayusan ng bansa, lalawigan, bayan, at barangay gaya ng Hukbong Sandatahan, Pambansang Pulisya ng Pilipinas, at mga lokal na pamahalaan.

Programang Pangkapayapaan na mapaigting ang seguridad sa bansa sa pangunguna ng DND o Department of National Defense.



## *Mga Gawaing Pampagkatuto*

**Gawain 1.** Isa-isahin ang mga paglilingkod ng pamahalaan. Isulat ang DOH (Kagawaran ng Kalusugan) kung programang pangkalusugan, DepEd (Kagawaran ng Edukasyon) naman kung programa patungkol sa edukasyon at DND (Kagawaran ng Tanggulang Bansa) kung programang pangkabuhayan.

___1.Libreng pagpapagamot sa sakit na dengue

___2.Edukasyon para sa lahat

___3.Programang Payapa at Masaganang Pamayanan.

___4.Nagtalaga ng mga doctor, nars sa malalayong munisipyo.

___5.Negosasyong pangkapayapaan sa pagitan ng pamahalaan

___6.Pagbabakuna o imunisasyon ng mga bata laban sa sakit na diarrhea, polio, tigdas at trangkaso.

___7.Pagpapatupad ng mga polisiya hinggil sa kapayapaan

___8.Pagtatayo ng mga Day Care Center sa maraming Barangay

___9.Pagpapatupad ng mga polisiya hingil sa kapayapaan.

___10.Iskolarsyip para sa mahuhusay na mag-aaral ngunit walang sapat na panustos sap ag-aaral.

**Gawain 2.** Isulat sa loob ng kahon ang mga paglilingkod na ipinatupad ng lider sa inyong lungsod, bayan o barangay.Sumulat ng isang pangungusap na naglalahad ng kahalagahan nito sa bawat mamamayan.

**Rubric sa Paggawa ng Planong Pangkabuhayan**

| **Pamantayan** | **Katangi-tangi (3)** | **Katamtaman (2)** | **Kailangan ng Dagdag na Pagsasanay (1)** |
|---|---|---|---|
| Kalidad at kabuluhan ng mga | Wasto may kalidad at kabuluhan | Wasto may kalidad at kabuluhan ang | Halos lahat ng impormasyon |

| | | | |
|---|---|---|---|
| impor-masyon | ang mga impormasyon na nilagay sa pangungusap. | ilan sa mga impormasyon na nilagay sa pangungusap | ay mali at walang gaanong kalidad at kabuluhan |
| Pagkakaugnay ng mga impor-masyon | Malinaw na naipakita ang pagkakaugnay ng mga impormasyon | Hindi gaanong malinaw na naipakita ang pagkakaugnay-ugnay ng mga impormasyon. | Hindi malinaw na naipakita ang pagkakaugnay-ugnay ng mga impormasyon. |
| Pagkakalahad ng impormasyon | Lubhang maayos at malinaw na nalahad ang mga impormasyon | Hindi gaanong maayos at malinaw na nailahad ang mga impormasyon | Hindi maayos at Malabo ang pagkakalahad ng mga impormasyon |
| Kompleto | Kompleto ang mga impormasyon | May ilang kulang sa mga impormasyon | Maraming kulang sa mga impormasyon na inilagay |



## *Paglalahat / Repleksyon*


Natuklasan ko...

3

3 bagay na nakita

1.______________________________________________
______________________________________________
2.______________________________________________
______________________________________________
3.________________________.______________________
______________________________________________

| | | |
|---|---|---|
| 2 | 2 interesadong bagay na natutunan | Natutunan ko ang…<br>1. ______________________<br>2. ______________________ |
| 1 | 1 bagay na nalilito ako. | Kailangang matuto pa ako…<br>1.______________________ |



## *Panapos na Pagtataya*

**Panuto**: Piliin sa loob ng kahon ang mga ahensya ng pamahalaan na tinutukoy sa pangungusap:

| |
|---|
| a. Kagawaran ng Edukasyon |
| b. Kagawaran ng Kalusugan |
| c. Kagawaran ng Tanggulang Bansa |

___1. Namamahala sa pagbibigay ng may kalidad na edukasyon sa ating mga kabataan.

___2.Nagpapalawak ng saklaw ng mga programa ng PhilHealth.

___3. Tumutulong sa mga out –of-school youth na maging produktibo .

___4.Nagpapaigting ng seguridad sa bansa.

___5. Libreng pagbabakuna.

___6.Naglulunsad ng K-12 Program.

___7.Nakikipag-usap ng pamahalaan sa mga rebelde at iba pang grupo na sumasalungat sa pamahalaan.

___8.Nagpapalaganap ng impormasyon sa pag-iwas at pagsugpo sa sakit na Covid 19.

___9.Iskolarship para sa mahuhusay na mag-aaral ngunit walang

sapat na panustos sa pag-aaral.

___10.Nangangalaga ng Kalusugan ng lahat ng mga mamamayan

## Susi sa Pagwawasto:

**Linggo 1**

| Paunang Pagtataya | Panapos na Pagtataya | |
|---|---|---|
| 1. C | 1. D | 6. B |
| 2. C | 2. B | 7. B |
| 3. C | 3. C | 8. C |
| 4. C | 4. D | 9. C |
| 5. D | 5. D | 10. D |

**Mga Gawaing Pampagkatuto**

Gawain 1

Kahalagahan ng Pambansang Pamahalaan

1. Ang nangunguna sa pagbabalangkas ng pamamaraan ng pamamalakad at pamamahala sa bansa.
2. Ang namumuno sa pagpapatupad ng mga programa at proyekto para sa mga nasasakupan.
3. Tumitiyak na maunlad ang ekonomiya ng bansa. Kung kaya, ang pamahalaan din ang nangangasiwa sa pambansang badyet.
4. Tinitiyak din ang karapatan ng mga mamamayan na mapangangalagaan sa pamamagitan ng pagkakaloob ng mga serbisyong pangkabuhayan, pangkalusugan, pangkultura, pansibil at pampolitika. Kahit nasa labas ng bansa ang isang mamamayang Pilipino, may mga kaparaanan ang pamahalaan upang tiyakin ang kanilang kaligtasan laban sa pananamantala.

Gawain 2

1. Pamahalaan - organisasyong politikal - tao - kaayusan – sibilisado
2. Tatlong Sangay ng Pamahalaan
   a. Sangay na Tagapagbatas
   b. Sangay na Tagapagpaganap
   c. Sangay na Tagapaghukom
3. Sangay na Tagapagpaganap- ang sangay na nagpapatupad ng batas.
   Sangay na Tagapagbatas- ay ang kongreso ng ating bansa na siyang gumagawa ng mga batas.
   Sangay na Tagapaghukom- ang nagbibigay-kahulugan sa mga batas ng bansa.

**Linggo 2-3**

| **Paunang Pagtataya** | **Panapos na Pagtataya** | |
|---|---|---|
| 1. Punong Barangay | 1. B | 6. B |
| 2. alkalde | 2. C | 7. A |
| 3. mamamayan | 3. C | 8. A |
| 4. munisipyo | 4. B | 9. B |
| 5. gobernador | 5. C | 10. A |

**Mga Gawaing Pampagkatuto**

**Gawain 1**

1. Alkalde
2. Punong Mahistrado
3. Pangulo ng Senado
4. Ispiker ng Mababang Kapulungan
5. Pangulo

**Gawain 4**

1. C
2. D
3. B
4. E
5. A

**Gawain 2**

1. pinuno ng Sangay na Tagapagpaganap
2. pinuno ng Sangay na Tagapaghukom
3. pinuno ng Mataas na Kapulungan
4. pinamumunuan ng Ispiker ng Mababang Kapulungan
5. mga piling hukom at puno ng kaniyang gabinete

**Gawain 3**

1. Rodrigo Roa Duterte
2. Leni Robredo
3. Vicente Sotto III
4. Lord Allan Velasco
5. Diosdado Peralta

**Gawain 5**

Mangtanong ang mga mag-aaral sa barangay na kanilang nasasakupan para sa kanilang tamang sagot sa gawaing ito.

**Paunang Pagtataya**

1.c
2.a
3.b
4.d
5.c

**Gawain 1**

| | |
|---|---|
| **1.DOH** | **6. DOH** |
| **2.Deped** | **7.DND** |
| **3.DND** | **8.Deped** |
| **4.DOH** | **9.DND** |
| **5.DND** | **10.Deped** |

**Panapos na Pagtataya**

**1.a 2.b 3.a 4.c 5.b 6.a 7.c 8.b 9.a 10.b**

## Sanggunian:


Linggo 1:
Araling Panlipunan 4 kagamitan ng mga Mag-aaral p. 228-234 MELC- AP4-PAB-IIIa-1
Araling Panlipunan Patnubay ng Guro p. 111-113

Linggo 2 at 3:
Kagamitan ng Mag-aaral Araling Panlipunan 4, pahina 235 – 248
MELC
Araling Panlipunan Patnubay ng Guro p. 115-118

Linggo 4:
Araling Panlipunan 4 kagamitan ng mga Mag-aaral p. 228-234 MELC- AP4-PAB-IIIa-1
Araling Panlipunan Patnubay ng Guro p. 111-113